STATE OF WASHINGTON
DEPARTMENT OF SOCIAL AND HEALTH SERVICES
DIVISION OF CHILD SUPPORT (DCS)

Kahilingan para sa Serbisyo ng Pagpapatupad ng Suporta sa Pamilyang Di-nakatanggap ng TANF/AFDC

Application for Non-assistance Support Enforcement Services

Mga Tagubilin

Basahin ang form na ito nang mabuti. **Sagutan ang *Rekumendasyon sa Suporta sa Anak (Child Support Referral), ang Deklarasyon ng mga Bayad sa Suporta* at ang form na ito. Ibalik ang nasagutang mga form sa** Division of Child Support (DCS) sa address na nakalista sa pahina 4. Maliban sa inyong lagda, ilimbag ang inyong mga sagot sa asul o itim na tinta lamang.

Impormasyon Tungkol Sa Akin

PANGALAN (UNA, GITNA, HULI)	NUMERO NG TELEPONO ( )	SOCIAL SECURITY NUMBER

KALYE NG TINITIRHAN	BAYAN	ESTADO	ZIP CODE

Impormasyon Tungkol Sa Walang Kustodiyang Magulang

PANGALAN (UNA, GITNA, HULI)

Mga Kabayaran

Naiintindihan kong maaaring magpadala ang DCS ng mga kabayaran ng suporta sa akin sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT) sa pamamagitan ng paglagak sa mga kabayaran direkta sa aking checking o savings account. Pinapahintulutan ko ang direktang paglagak sa banko sa pamamagitan ng pagkompleto sa mga sumusunod na impormasyon ng bank account. (Maglakip ng voided check.).

Pangalan ng Banko

Routing Number ng Banko

☐ Checking ☐ Savings

Numero ng Bank Account

Kung hindi ko pinapahintulutan ang direktang deposito, awtomatikong ikokoreo sa akin ng DCS ang stored-value Visa debit card na tinatawag na DCS debit card. Kung i-enrol ako ng DCS sa programang DCS debit card, ilalagak ng DCS sa kard ang kabayaran para sa suporta kaysa aking bank account. Karaniwan, ang mga kabayaran para sa suporta ay makukuha sa aking bank account o sa aking DCS debit card sa loob ng tatlong pangkalakalang araw matapos ibahagi ng DCS ang mga iyon sa aking kaso. Ang DCS debit card ay maaaring gamitin saanman na ang VISA ay tanggap o sa mga ATM machine. Makakakuha ako ng karagdagang impormasyon tungkol sa elektronikong pagbabayad, o malalaman ang iba ko pang mga opsiyon para sa pagtanggap ng mga kabayaran, sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-468-7422 o sa pagbisita sa www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support.

Pagpapahayag

Ipinapahayag ko na ako ay:

1. Hindi tumatanggap o humingi ng serbisyo ng pagpapatupad sa suporta mula sa ibang estado o awtoridad.
2. Alinman sa may pisikal na kustodiya sa (mga) batang ipinaghihiling ko ng kasalukuyang suporta o sa may pisikal na kustodiya sa mga bata sa panahong nangyari ang utang sa suporta.
3. May pahintulot sa legal na kustodiyan na mangalaga sa mga bata.
4. Hindi tumatanggap ng pondo ng tulong ng pamahalaan para sa mga bata.

Aking ipinapahayag sa ilalim ng kaparusahan ng panunumpa nang walang katotohanan (perjury), sa ilalim ng mga batas ng estado ng Washington, na ang mga impormasyon sa taas ay tunay at tama.

LAGDA	LUGAR KUNG SAAN NILAGDAAN	PETSA

_____
Mga inisyal

Kusang-loob kong binibigyan ng kapangyarihan ang Division of Child Support (DCS) na kunin ang hanggang 10 porsyento ng aking kasalukuyang suporta at lahat ng kabayaran sa aking delingkwenteng suporta para mabayaran ang suportang aking natanggap mula sa alinmang sumusunod na sirkumstansiya. Hahawakan ng DCS ang mga halagang ito hanggang sa mabayaran ko nang buo ang aking utang kung ako ay:

1. Tumatanggap ng sobrang kabayaran.
2. Tumatanggap ng kabayaran sa kamalian.
3. Tumatanggap ng kabayaran resulta ng di-sapat na pondo ng tseke.
4. Nagtatabi ng kabayaran sa suporta na hindi ko karapatan na tanggapin.

Gusto kong magbigay ang DCS ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta sa bata para sa akin at sa aking mga anak. Gusto kong tanggapin at lagdaan ng DCS sa likod ang lahat ng kabayaran para sa suporta sa bata (mga tseke, money orders, electronic funds transfers, iba pa) na kinokolekta para sa akin.

Kung tumatanggap ako ngayon ng suporta sa bata mula sa estado o korte ng tribo o sa ibang estado, o korte ng tribo , o ahensiya ng pagpapatupad ng suporta sa bata, gusto kong ipadala ng korte o ahensiya ang lahat ng kabayaran sa DCS.

Nabasa at naintindihan ko ang ***form ng Impormasyon ukol sa Pagpapatupad ng Suporta sa Pamilyang Di-nakatanggap ng TANF*** na aking natanggap kalakip ng kahilingang ito.

Naiintindihan ko na:

1. Magpapataw sa akin ang DCS ng taunang bayad na $25.00 kung hindi ako kailanman nakatanggap ng Pansamantalang Tulong Para sa Nangangailang Mga Pamilya o Temporary Assistance to Needy Families (TANF), TANF ng Tribo, o Tulong sa mga Pamilyang may Nakadependeng mga Anak o Assistance to Families with Dependent Children (AFDC) para sa aking mga anak sa aking sambahayan. Kukunin ng DCS ang bayad na ito (sa pagitan ng ika-1 ng Oktubre at ika-30 ng Setyembre) mula sa suporta sa batang nakolekta matapos maibayad ng DCS ang $500.00 sa akin para sa kaso ng mga kabayaran sa suporta sa bata sa taon ng piskal ng federal. Kung ako ay may higit sa isang kaso, maaari akong mapatawan ng kabayaran sa bawat kaso kung saan ang $500 ay ibinayad sa akin. **Kung ako ay nakatanggap ng TANF, TANF ng Tribo, o AFDC galing sa ibang estado, kinakailangan kong magbigay sa DCS ng katibayan, kagaya ng sinumpaang pahayag mula sa ahensiya na nagbibigay ng tulong-pamahalaan o isang sertipikadong kopya ng aking mga tala ng tulong. Ang DCS ay maaaring magpataw sa kabayaran (fee) hanggang sa maibigay ko ang katibayang iyon.**
2. **Kung isasangguni ng DCS ang aking kaso sa ibang estado para sa pagpapatupad, maaaring magpataw ang ibang estado ng bayad para sa partikular na serbisyo. Maaaring kolektahin ng ibang estado ang bayad nito sa pamamagitan ng pagkuha ng bahagi ng koleksyon ng suporta sa bata.**
3. Kailangang ibigay ng DCS ang aking pangalan at ang mga pangalan ng aking mga anak sa walang kustodiyang magulang.
4. Kailangan kong ibigay ang aking social security number sa DCS. Gagamitin ng DCS ang numerong ito para sa mga layon ng serbisyo ng pagpapatupad ng suporta sa bata na naipaliwanag sa Titulo IV-D ng Social Security Act.
5. Hindi makakakolekta ang DCS ng mga di-nabayarang suporta sa bata na hinarangan ng panukalang batas ng mga limitasyon (statute of limitations).
6. Hindi maaaring utusan ng DCS ang tribo na Indyan, negosyong pagmamay-ari ng tribo, o isang negosyong pagmamayi-ari ng Indyan na nakapuwesto sa reserbasyon na ibawas ang suporta sa bata mula sa sahod na ibinayad sa walang kustodiyang magulang. Kung ang tribo at ang DCS ay may kasunduan na gawin ito, hihilingin ng DCS sa tribo na ipatupad ang aking kautusan para sa suporta sa bata.
7. Itatala ng DCS ang kautusan para sa suporta sa bata sa Washington State Support Registry (WSSR)
8. Kung meron akong kautusan mula sa korte na nag-uutos sa walang kustodiyang magulang na bayaran ang suporta sa bata sa pamamagitan ng WSSR, ang aking kaso ay mananatili sa WSSR hanggang sa ipapalabas ng korte ang aking kautusan.
9. Ibabahagi ng DCS ang koleksiyon sa suporta sa bata sa aking kaso na siyang hinihiling ng batas ng federal at estado. Gagawin ng DCS na:
   a. Ibahagi ang kasalukuyang suporta sa bata para sa buwan kung kailan ito ay natanggap.
   b. Ipadala sa akin ang kasalukuyang suporta sa bata. (Kung ang walang kustodiyang magulang ay may higit sa isang kautusan para sa suporta sa bata at ang kabayaran ay hindi sumasakop sa lahat ng mga kautusan sa kasalukuyang suporta, hahatiin ng DCS nang pantay ang koleksiyon sa pagitan ng mga kaso.)
   c. Kunin ang taunang $25.00 na kabayaran (sa pagitan ng ika-1 ng Oktubre at ika-30 ng Setyembre), kung hindi ako nakatanggap kailanman ng AFDC, TANF, o pondo ng TANF ng Tribo bilang tagapangalaga sa mga menor de edad na bata, matapos maibayad sa akin ang $500.00 para sa kaso ng suporta sa bata sa isang taon.
   d. Ibahagi ang mga koleksiyon na higit sa isang buwang kasalukuyang suporta sa bata sa delingkwenteng suporta sa bata (kung meron man).
   e. Kung tumanggap ako ng TANF o AFDC sa nakaraan, ibabahagi ng DCS ang delingkwenteng suporta (maliban sa mga kabayaran mula sa Internal Revenue Service (IRS) gaya ng sumusunod:
      (1). Una, sa anumang delingkwenteng suporta na dapat bayaran sa akin na hindi kailanman inilipat sa estado.
      (2.) Pangalawa, sa anumang delingkwenteng suporta na pansamantalang inilipat sa estado.
      (3). Pangatlo, sa anumang delingkwenteng suporta na dapat bayaran sa akin para sa suportang medikal sa aking mga anak.
      (4). Pang-apat, sa anumang delingkwenteng suporta na permanenteng inilipat sa estado sa pamamagitan ng paglipat ng tulong ng pamahalaan na ginawa bago ang Oktubre 1, 1997, o inilipat pagkatapon ng petsang iyan dahil ang kaloob na tulong ng pamahalaan ay ibinayad sa akin sa buwang iyon.
      (5). Panlima, sa anumang suportang medikal na inilipat sa estado.

10. Ang mga koleksiyong natanggap mula sa IRS ay palaging inilalapat sa delingkwenteng suporta. Ang mga kabayaran mula sa IRS ay ibinabahagi sa sumusunod na kaayusan:
    a. Una, sa permanenteng nakalipat na delingkwenteng pinansiyal na suporta.
    b. Pangalawa, sa pansamantalang nakalipat na delingkwenteng pinansiyal na suporta.
    c. Pangatlo, sa permanenteng nakalipat na delingkwenteng pangmedikal na suporta.
    d. Pang-apat, sa alinmang suporta na dapat bayaran na hindi kailanman inilipat sa estado.
11. Ipinapaliwanag ng WAC-388-14A-2037 ang permanenteng nakalipat na di pa nabayaran. Ipinapaliwanag ng WAC 388-14A-2038 ang pansamantalang nakalipat na di pa nabayaran.
12. Kailangan kong ibalik ang perang ibinibayad sa akin ng DCS kung:
    a. Maling naipadala sa akin ng DCS ang pera.
    b. Nagpadala sa akin ang DCS ng pera na higit sa ibinayad ng walang kustodiyang magulang sa DCS.
13. Pinapayagan ng Chapter 74.20A RCW ang pagbawi ng DCS mula sa akin ng sobrang naibayad. Iiral din ito kahit pagkatapos mahinto ang pagtanggap ko ng kabayaran sa pamamagitan ng DCS. Maaari itong gawin ng DCS sa pamamagitan ng :
    a. Paghawak sa 10 porsyento sa kahit anong kabayaran sa kasalukuyang suporta.
    b. Paghawak sa lahat ng kabayaran ng delingkwenteng suporta.
    c. Pagpapadala sa aking employer o ibang tao o organisasyon na humahawak ng mga kayamanan para sa akin ng ***Income Withholding for Support (Pagbabawas ng Kita para sa Suporta).*** Ang kautusan / paunawang ito ay nag-uutos sa employer o ibang tao o organisasyon na bawasan ang sobrang kabayaran mula sa aking kinikita, sahod, at mga kayamanan.
    d. Paghain ng liens o pag-angkin sa aking mga di-natitinag (real) at personal na ari-arian.
    e. Paggamit ng anumang remedyo sa pangongolekta na makukuha sa ilalim ng mga Chapter 26.09, 26.18, 26.23, at 74.20 RCW.
14. Pinapahintulutan ng RCW 26.23.110 sa DCS na kolektahin ang mga gastusing pangmedikal na hindi nabayaran (kabilang ang copayments, deductibles, at premiums gaya ng ipinaliwanag sa WAC 388-14A-1020) na nautang sa ngalan ng mga bata mula sa akin sa ilalim ng mga tiyak na pagkakataon. Maaari itong gawin ng DCS sa pamamagitan ng:
    a. Pagbawas sa utang sa akin na dapat bayaran.
    b. Pagbawas sa anumang kasalukuyang suportang dapat bayaran sa akin nang hindi hihigit sa 50 porsyento bawat buwan para sa isang taon o mababa pa.
    c. Pagbubukas ng bagong kaso ng pangongolekta laban sa akin at paggamit ng anumang remedyo sa pangongolekta o collection remedy (maliban sa pagsuspende sa lisensya) na nakasaad sa itaas.
15. Kung ang aking kautusan para sa suporta ay nag-uutos sa akin na magbigay ng kasaklawan sa health insurance o segurong pangkalusugan, maaaring ipatupad ng DCS ang kautusan kung hinihiling ng walang kustodiyang magulang. Maaaring kakabilang sa pagpapatupad ang pagpapatibay ng cash na obligasyong medikal para sa buwanang premium (hulugan), na hindi hihigit sa 25 porsyento ng aking pangunahing obligasyon sa suporta sa bata gaya ng ipinakita sa mga worksheet para sa aking kautusan para sa suporta.
16. Ang DCS ay hindi kumakatawan sa akin o sa kabilang partido sa aking kautusan para sa suporta sa bata. Para protektahan ang aking mga interes, dapat akong makibahagi sa lahat ng mga pagdinig o pagpapakita sa korte tungkol sa aking kautusan para sa suporta sa bata. Kung hindi ako dadalo at makilahok sa isang pagdinig, maaaring ibigay ng Administrative Law Judge ang kahilingan ng DCS o ng kabilang partido sa aking kautusan para sa suporta sa bata na walang karagdagang paunawa sa akin.
17. Maaaring ilagak ng DCS ang aking mga kabayaran sa suporta direkta sa aking bank account o sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT). **Kung hindi ko pinapahintulutan ang direktang deposito, awtomatikong ikokoreo sa akin ng DCS ang stored-value Visa debit card, na tinatawag na DCS debit card.** Kung i-enrol ako ng DCS sa programang DCS debit card, ilalagak ng DCS sa kard ang kabayaran sa suporta sa aking anak, kaysa aking bank account. Karaniwan, ang mga kabayaran sa suporta ay makukuha sa aking bank account o sa aking DCS debit card sa loob ng tatlong pangkalakalang araw matapos ibahagi ng DCS ang mga iyon sa kaso. Ang DCS debit card ay maaaring gamitin saanman na ang VISA ay tanggap o sa mga ATM machine. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kabayarang elektroniko, o iba ko pang mga opsiyon sa pagtanggap ng mga kabayaran, maaari akong tumawag sa 800-468-7422 o mag-online sa www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support .
18. Ang DCS ay maaaring magpadala ng mga nakasulat na paunawa sa akin sa pamamagitan ng primera klaseng koreo o first class mail. Ang DCS ay maaaring magpadala ng mga paunawang ito sa aking huling nalamang tirahan.

Ako ay sumasang-ayon na:

1. Padalhan ang DCS ng lahat ng kabayaran sa suporta na aking makukuha mula kaninuman maliban sa DCS. Kinakailangan kong ipadala sa DCS ang mga kabayaran sa loob ng walong araw.
2. Ipaalam kaagad sa DCS kung ang aking mga anak ay makatanggap ng alinman sa sumuusnod na binayaran sa ngalan ng walang kustodiyang magulang. Ang walang kustodiyang magulang ay maaaring makatanggap ng kredito sa bayad sa suporta para sa mga bayad na benepisyo na tinatanggap ng iyong anak. Maaaring ipapakumpirma sa iyo ang mga bayad na ito, Kung ang pagbibigay ng kredito ay nagpapakita na ang walang kustodiyang magulang ay nakapagbayad nang labis, maaaring kakailanganin na iyong bayaran ang halagang labis na naibayad. Karaniwan, kailangang mag-aplay para sa mga benepisyong ito ang kustodiyan ng mga bata.
   a. Iisang benepisyong binayaran ng Department of Labor and Industries o ng benepisyo sa sahod ng manggagawa na binayaran ng self-insurer pagkatapos ng Hulyo 1, 1990.
   b. Isang benepisyo sa pagiging dependiyente dahil sa kapansanan o benepisyo sa pagreretiro mula sa Social Security Administration na binayaran pagkatapos ng Hulyo 1, 1990.
   c. Isang bahagi ng mga benepisyo mula sa Department of Veterans Affairs sa o pagkatapos ng Hulyo 24, 2015.
3. Ipaalam sa DCS kung hihingin ko sa ibang tao o ahensiya na kolektahin ang suporta sa bata para sa akin.
4. Ipaalam sa DCS kung ang aking tirahan o tirahan ng aking mga anak ay magbabago.
5. Padalhan ang DCS ng mga kopya ng lahat ng mga kautusan para sa suporta sa bata na magpabago sa mga rekisito ng suporta o kustodiya ng (mga) batang pinangalanan sa aking kaso.

Kung kayo ay may katanungan, makipag-ugnayan sa:
DIVISION OF CHILD SUPPORT
PO BOX 11520
TACOMA WA 98411-5520

Sa loob _____ tatawagang lugar_____

Sa labas _____ tatawagang lugar _____

Mapapakinabangan ang mga serbisyo ng TTY/TDD para sa may pinsala sa pananalita o pandinig.
Bisitahin ang aming web site sa: www.dshs.wa.gov/esa/division-child-support

Walang tao na dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya, relihiyon, kasarian, edad, o kapansanan ang hindi hirangin sa trabaho, mga serbisyo, o anumang aspeto ng mga gawain ng programa. Ang form na ito ay makukuha sa alternatibong pormat kapag hilingin.